TOMO 4 / BLG. 1 / SETYEMBRE 2022
BULIK ONLINE
ANG OPISYAL NA PAHAYAGANG PAMPAARALAN NG DE LA SALLE LIPA JUNIOR HIGHSCHOOL COMMUNITY
DE LA SALLE LIPA borderfree community

Wikang Filipino: Kaalinsabay ng mga Pagbabago

Ni: Immanuel Gerard S. Quinto | G8-05

Marami nang nagbago sa ating mundo bago pa man dumating ang pandemya. Hindi rin natin maikakaila na bunsod ng panahon ng kawalang-katiyakan, lalo pang nagkaroon ng mas maraming pagtuklas. Ang mga ito ay mayroong ibinibigay na mga benepisyo at ilan ding mga masasamang epekto. Mayroon ding mga bagay na tunay na nakapagpabago sa ating araw-araw na pamumuhay kabilang na ang social media, mga bagong sasakyan, mga gadyet, at marami pang iba.

Sa ating paglalakbay sa mundo ng social media, mayroon tayong mga bagay na nakakaligtaan at hindi gaanong nabibigyang-pansin. Isa na sa mga ito ay ang ating wikang Filipino - isang wikang dapat ipagmalaki ng bawat Filipino. Ngunit, ngayong panahong ito ay tila nagkakaroon ng samu’t saring bagong salitang impormal, at ang mga ito ay tinatawag na mga impormal na kontraksyon na isang paraang ginagamit sa pakikipag-usap sa ibang tao. Dahil na nga sa pag-usbong ng teknolohiya, mas marami na ang mga taong naiimpluwensiyahang gumamit ng mga ito. Tunay na hindi ito masamang gamitin, ngunit kailangan na may kaalaman tayo kung kailan ito ginagamit. Ang wika ay patuloy sa pag-unlad at pagbabago at hindi natin maikakaila na ang mga ito ay mahalaga upang maging mas madali at malinaw ang paglalahad natin ng mga impormasyon sa ating kapwa Pilipino.

Bilang mga mag-aaral, bakit hindi natin gamitin ang ating mga kakayahan at galing sa teknolohiya upang pagbabago’y ating maiambag sa ating lipunan? Sa halip na maging dahilan ng pagkawala ng kaalaman sa mga pagyabong ng wika, maaari nating gamitin ang social media upang makapagsaad ng mga impormasyon tungkol sa ating wikang pambansa. Maaari din tayong maglahad ng mga mas makabuluhang bagay kaysa mga bagay na hindi naman kapaki-pakinabang. Kung ginagamit natin ito sa tamang pamamaraan, mas lalo nating makikita ang mga benepisyong dulot nito sa atin.

Kaalinsabay ng taunang pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa, ang departamento ng Filipino sa ating paaralan ay naglunsad ng iba’t ibang mga gawain kung saan mas lalo nating mahahasa ang ating wika. Sa ika-7 baitang, mayroong mga "trivia" at “WIKAmayan” kung saan ang mga mag-aaral ay nagpakilala gamit ang ating wika. Sa ika-8 baitang naman ay inilunsad ang gawaing pinangalanang
“FacebuKarunungan”, kung saan inatasan ang mga mag-aaral na gumawa ng mga salawikain, sawikain, o kasabihan tungkol sa pagtulong sa kapwa ngayong panahon ng pandemya. Pagkatapos, ito ay ilalagay sa Facebook. Samantala, sa ika-9 na baitang naman, ang gawaing “Filipi-Know” ay nagbigay pokus sa denotatibo at konotatibong kahulugan ng mga salita. Sa ika-10 baitang naman ay naglahad ang mga mag-aaral tungkol sa kahalagahan ng sariling wika at kultura sa pamamagitan ng maikling bidyo, at ang gawaing ito ay may katawagang “Flex Ko Lang”.

Kaugnay ng mga nabanggit, isa sa mga ipinararating ng tema ng Buwan ng Wika ngayong taon ay ang pagkakaroon ng mas marami pang inobasyon. Sa aking palagay, ito ay makakamit lamang kung ating mas nabibigyang halaga ang ating wika at iba na ring mga katutubong wika. Ayon sa Komisyon sa Wikang Filipino, ang ating mga kababayang Ifugao ay maraming katutubong kaalaman ukol sa irigasyon, inhenyeriya, pamamahala sa patubig, at paraan ng pagtatanim at pag-aani. Tunay na hindi nararapat na tuluyang maglaho ang mga katutubong kaalaman o karunungang-bayan dahil sa napakaraming mga bagong tuklas sa larangan ng Agham at Teknolohiya. Kung tayo ay mayroong sapat na kaalaman tungkol sa ating wika, ang paglalahad ng impormasyon sa ating kapwa ay magiging madali at dahil dito, ang pagtuklas ng mga bagong bagay ay mas magiging epektibo lalo't higit kung ang bawat isa ay makikipagtulungan.

Samakatuwid, kung patuloy nating pagyayamanin at gagamitin ang wikang Filipino at iba pang mga katutubong wika, magiging mas madali ang ating magiging pakikipag-ugnayan sa ating kapwa at maaari rin tayong makatulong upang mas mapaganda ang sitwasyon ng ating bansa. Kung gagamitin lang natin nang maayos ang mga plataporma sa social media, doon natin makikita at mapapagtantong ang mga ito nga ay mahalaga. Ito ay maihahalintulad din natin sa ating buhay. Kung tayo ay tumitingin lamang sa mas magandang bahagi ng isang sitwasyon, doon lamang tayo magkakaroon ng positibo at masayang pamumuhay sa gitna ng paghihirap at mga problema.

TEMA NG PAGDIRIWANG NG BUWAN NG WIKA 2022:
"FILIPINO AT MGA KATUTUBONG WIKA: KASANGKAPAN SA PAGTUKLAS AT PAGLIKHA"